Ang **Guidebook Soka** ay nagpapaliwanag tungkol sa buhay sa Japan at tungkol sa kung paano gumagana ang lipunan sa 8 wika. Ang pagpili ng impormasyon na kailangan mo ay madali sapagkat ang bawat paksa ay ipinakilala sa isang hiwalay na pamplet. Ang Guidebook Soka ay makukuha sa Registry Section at sa Intercultural Information Corner sa City Hall pati na rin sa mga Service Centers.
Gamitin mo ito upang lubos na masiyahan sa iyong pamumuhay sa Soka.

**ガイドブック草加は**日本語や日本での暮らし方や決まりなどを、各国語で説明したものです。テーマごとに1シートとなっています。必要なシートを選んで使ってください。市役所（市民課、国際相談コーナー）、各サービスセンターにおいてあります。また、各公共施設窓口に頼んで取り寄せることもできます。
草加が皆さんにとって住みよいまちとなるよう役立てて下さい。

---

**Intercultural Information Corner**

Ang Tanggapan ng pang Kulturang Impormasyon ay makakakuha ng mga kailangang impormasyon at mga payo sa tulong ng mga volunteer workers dito.

**国際相談コーナーでは**ボランティアスタッフが情報を提供したり、相談にのります。

Oras ng Tanggapan: Mon & Wed & Fri 9:00 AM - 5:00 PM
7th floor ng City Hall
Tel: 922-2970 (direct line)
Fax: 927-4955 / Email: soka-kokusai@juno.ocn.ne.jp
月・水・金　午前9時～午後5時
市役所本庁舎7階

（国際相談コーナーは草加市の事業補助により、市民の立場で「ＮＰＯ法人 Living in Japan」が運営しています。）

---

作成：草加市　　協力：草加市国際相談コーナー
Ang Kokusai Soudan Corner ay naglilingkod ayon sa layunin ng Soka City na tumulong sa mga mamamayan nito　（令和元年度改訂）

## 項目一覧 Mga Tema ng Guide Book ng Soka


| | | |
|---|---|---|
| A-1 | Impormasyon para sa VISA | 入国時の手続き |
| A-2 | Pagpaparehistro para sa mga DAYUHAN | 住民登録 |
| A-3 | Pagpaparehistro ng Buong Pamilya | 戸籍制度 |
| A-4 | Pagpaparehistro ng Hanko | 印鑑登録について |
| B-1-1 | Pabahay or Housing | 住宅 |
| B-1-2 | Paglilipat ng bahay at mga GRUPO ng SAMAHAN sa lugar na lilipatan | 引越しと町会 |
| B-1-3 | Gas,tubig,telepono,kuryente at iba pa | 生活インフラ |
| B-1-4 | Pagtatapon ng Basura | ごみの出し方 |
| B-2-1 | Tungkol sa Health Insurance | 健康保険について |
| B-2-2 | Insurance para sa pagpapa-alaga sa pagtanda | 介護保険制度について |
| B-3 | Tungkol sa Pag papakasal | 結婚するには |
| B-4-1 | Pagdadalang Tao at Panganganak | 妊娠から出産 |
| B-4-2 | Kalusugan ng Bata | 子どもの健康 |
| B-4-3 | Parenting | 子育て |
| B-5-1 | Edukasyon | 教育 |
| B-5-2 | Pag-aaral ng Salitang Hapon | 日本語学習 |
| B-6 | Pagbabayad ng Buwis sa Japan | 日本の税金 |
| B-7 | Pagtatrabaho sa Japan | 日本で働く |
| B-8 | National Pension at Welfare Assistance | 国民年金と厚生年金 |
| B-9-1 | Pagkuha ng Lisensya para sa Pagmamaneho | 運転免許 |
| B-9-2 | Tungkol sa pagkakaroon ng sasakyan | 自動車・バイクを所有する |
| B-9-3 | Tungkol sa pag sakay sa Bisekleta | 自転車にのる |
| B-10 | Paglilibang at Pag-aaral | 楽しむ・学ぶ |
| B-11-1 | Pag tawag sa oras ng EMERGENCY | 緊急のときの対応 |
| B-11-2 | Paghahanda para sa oras ng Kalamidad | 自然災害に備えて |
| C-1 | Cultural& Sports Facilities ng Soka City | 草加市内の文化・運動施設 |
| C-2 | Mga lugar na dapat lapitan sa paghingi ng tulong | 困ったときの相談窓口 |




# Gabay Na Aklat Sa Soka

## B-5-1
## Edukasyon
教育

＊このシリーズはやさしい日本語で書かれています。
＊草加市にお住まいの方の情報です。

## B-5-1 Edukasyon

Ang compulsory education sa Japan,ay nagsisimula sa batang 6 yrs old, ang Elementary ay tumatagal ng 6 na taon,12 yrs old pagpasok ng JR High School (3 taon) . Mahigit 95% ang nagpapatuloy sa Senior High School  na tumatagal din ng 3 taon  Pagkatapos ay 4 na taon sa College,2 taon sa TanDai o Junior College , at 2 hanggang 3 taon ang vocational school.

Nag uumpisa ang school year tuwing Abril at nagtatapos tuwing Marso ng susunod na taon.Ang pagpasok sa Elementary at High School sa Japan ay hindi compulsory para sa mga batang hindi Japanese nationals.Subalit maaaring pumasok sa sino mang nais na mag-aral dito.

### 1.Youchien o Kindergarten

Ang youchien ay para sa mga batang may edad simula 3 taon hanggang 5 taong gulang. Lahat ng mga youchien (kindergartens)sa Soka ay mga private Ang pag paparegister o nyuen moushikomi ay ginaganap tuwing November 1 ng bawat taon.

※ Mula Oktubre, 2019 ang mga bayarin sa pag-aalaga ay susuportahan ng bagong Pambansang System hanggang sa 25,700 yen bawat buwan.  Ang mga bayad para sa Nintei Kodomo-en (Mga Center para sa edukasyon at pag-aalaga sa maagang pagkabata) o ilang mga kindergarten sa sistema ng suporta sa bata ay walang bayad.

＊Ang Public Nursery School naman ay may mas mahabang oras na pagtanggap na ibinibigay para  batang may mga magulang na parehong naghahanap buhay .Para sa mga karagdagang kaalaman tungkol sa Hoiku-en,tingnan sa leaflet [B-4-3 Parenting]

### 2. Sho・Chuu Gakko o Elemtary at Jr High School

・Ang pag pasok sa Kouritsu o Public school: Ang Entrance Fee, Tuition Fee at Text books ay libre subalit ang kyuushoku o school lunch fee at kyouzai hi o materials expenses ay dapat bayaran ng mga magulang .

・Kung ang batang hindi Japanese national ay gustong pumasok sa Public school Elementary o Jr High School,dapat makipag ugnayan sa Kyouiku Iin Kai Gakkou Kyouiku Ka sa City Hall .Dalahin ang Residence Card ng bata  .Ang school na papasukan ay depende sa address ng inyong bahay.

・Bawat pamilyang nakarehistro na ang anak ay may 6 na taong gulang at may planong pumasok sa Elmentary school,ay makakatanggap ng sulat sa umpisa ng buwan ng October,kung sakaling walang dumating na sulat, pumunta sa Gakkou KyouikuKa pagdating ng buwan ng Enero at mag apply para dito.

＊Ang Kokusai Soudan Corner ay tumutulong sa mga bata sa pag sasanay tungkol sa pagpasok sa eskwela at sa pagsasalita ng wikang Hapon.
Huwag po kayong mag atubiling humingi ng tulong.

＊Ang Kokusai Soudan Corner ,ay gumawa ng 「Souka Gakkou Seikatsu-Sho Gakkou-」kung saan nakasaad na mabuti ang mga dapat malaman sa pagpasok ng bata,ito ay nakasalin sa  iba't ibang Wika tulad ng English, Chinese, Korean at Portugal .Para sa mga nais na magkaroon ng kopya nito,huwag mag atubiling tumawag sa amin.

## B‐５‐１　教育

日本では、小学校（６才から６年間）、中学校（１２才から３年間）が義務教育です。９５％以上の人は、高等学校（３年間）に進学します。そのあとは、大学（４年間）、短大（２年間）、専門学校（２～３年間）などがあります。　学校の年度は、毎年４月に始まり、翌年の３月末に終わります。外国籍を持つ子どもの場合、小・中学校に行かせる義務はありませんが希望すれば入学できます。

### １．幼稚園

３才から５才までの幼児を対象としています。草加市にある幼稚園はすべて私立です。入園申し込みは前年の１１月１日に受け付けます。

＊2019年10月から、国の制度により保育料が月額25,700円まで補助されます。なお、子育て支援制度に移行した幼稚園は全額無償となります。

＊両親が働いている家庭の子どもは保育時間の長い市立の保育園に預けることができます。保育園について詳しいことは、「B‐４‐３　子どもを育てる」のリーフレットを見てください。

### ２．小・中学校

・公立の場合、入学金、授業料、教科書代は無料ですが、学校給食費や教材費の一部は保護者が支払います。

・公立の小・中学校に行かせたい場合は、子どもの在留カードを持って、教育委員会学務課で手続きをします。住所により通う学校が決まり、通常年令により、学年が決められます。

・住民登録をしていて、小学校に就学予定の子ども（６才）のいる家庭には、１０月初めにお知らせの手紙が届きます。もし来ない場合は、１月初めまでに市役所内の学務課でで手続きをしてください。

＊日本の学校生活や、言葉の不安などがある方は、国際相談コーナーにご相談ください。

＊国際相談コーナーでは、英語、中国語、韓国語、ポルトガル語で「草加での学校生活－小学校－」を作成し、詳しく説明しています。コピーをご希望の方は、ご連絡ください。

### 3. Pang-gabing Junior High School (Pampubliko)

Binuksan ang pang-gabing junior high school school sa Kawaguchi City, Saitama Prefecture simula noong Abril, 2019. Ito ay para sa mga taong nais na makakuha ng isang sertipiko ng graduation ng junior high school at nais na maghanda sa pag-enrol sa senior high school atbp.  Maaari din na makapag-enrol ang mga hindi Japanese. Walang mga klase sa wikang Japanese ngunit mayroong suporta para sa mga nais matuto ng Japanese. Walang kinakailangang uniporme sa paaralan.

Lugar: Youshun branch school ng Shiba-nishi Junior High School sa Kawaguchi City (Shiba tsukahara 1-11-13, Kawaguchi City)

Panahon ng pag-aaral: Tatlong taon * Ikonsulta ang sa panahon ng pag-aaral sa panahon ng pag-enrol.

Abril hanggang Marso * Hindi maaaring magpatala habang on-going ang school year.

Oras: Lunes hanggang Biyernes Mga 5:00 pm hanggang 9:00 pm

* Walang pagkain sa paaralan, sarili ang pag-baon..

Mga matututunan:: 10 mga subject katulad sa regular na junior high school

Bayad sa paaralan: Libre * Kailangan lamang magbayad ng mga materyales sa pag-aaral atbp.

Mga maaaring magpatala: Mga taong nakatira sa Saitama Prefecture na 16 taong gulang o mas matanda at nakakatugon sa isa sa mga kundisyon sa ibaba.

① Hindi nakapagtapos ng elementarya o junior high school.
② Nagtapos ng junior high school ngunit nais na mag-aral muli..
③ Banyagang residente na may wastong katayuan sa paninirahan.
(mga iksempsyon ay posible)

Ang gabay sa kurikulum at paaralan sa Ingles, Tsino, Hangul, Turko at Japanese ay makikita sa:
http://zenyachu.sakura.ne.jp/kawaguchi/kawaguchi-yakan.html

<<Mga katanungan>>
Kawaguchi City Board of Education (Aoki 2-4-11, Kawaguchi City)
Tel.  (048) 258-1256

### 3. 夜間中学（公立）

平成３１年4月から、埼玉県にも夜間中学が開校しました。
中学校の卒業資格がほしい人や、高校に進学したい人などが勉強できるところで、外国人でも入ることができます。日本語だけを学ぶ授業はありませんが、日本語の支援はあります。制服はありません。

場所：川口市芝西中学校 陽春分校（川口市芝塚原1-11-13）

期間：３年間　＊入学時、相談できます。4月から３月
＊途中からの入学はできません

時間：　月曜日から金曜日　夕方5時ごろから9時ごろまで
＊給食はないので自分で持って行きます

内容：昼の中学校と同じ１０教科

授業料：無料　　＊教材費などは自分で払います

入学できる人：埼玉県内に住む１６才以上の人で下記の①～③のどれかに該当する人
①小学校や中学校を卒業していない人
②中学校を卒業した人で、学び直しをしたい人
③原則、在留資格のある外国籍の人

英語、中国語、ハングル、トルコ語、日本語での入学案内やカリキュラムを下記のHPで見ることができます。

http://zenyachu.sakura.ne.jp/kawaguchi/kawaguchi-yakan.html

《問い合わせ先》
川口市教育委員会（川口市青木2-4-11）　電話　048-258-1256

## 4.KouKou o SR .High School

May mga KokuRitsu o mga national schools (may konting bilang), meron ding mga Kenritsu Ritsu , (may ialng bilang) ng Shiritsu at may Watakushiritsu (Private High school). Ang mga school ay may iba't ibang kurso na pinag aaralan.tulad ng General Courses, Commercial Courses, pang Industrial Courses at Agricultural courses, may mga Vocational Courses din, mga integrated subjects at mga makabagong pag aaral.

(1) Entrance Examination

Kailangan ng Examination fee.Kung ang bata ay graduate sa High Shool ng Japan ,o kaya ay may 9 na taong bilang ng pagpasok sa school sa overseas, ay maaari siyang kumuha ng EntanceExamination. Ang mga Public School ay may kanyakaniyang takdang araw ng pagkuha ng Entrance Exam,Isinasagawa ito sama sama lahat ng mga kukuha ng Examination

Ang Examination naman ng mga Private Schools ay may iba ibang patakaran sa pag e-exam,araw ng pag kuha ng exam at mga application requirements . Kailangang makipag ugnayan sa mga nais pasukang school at mag tanong na mabuti tungkol sa paraan ng pag pasok dito.

(2) Special Selection para sa mga dayuhan

May ilang mga Public High Schools sa loob ng Prefecture na nagbibigay ng Special Selection para sa mga dayuhang mag aaral.Ang pag kuha ng Examination ay may kaibahan kesa ordinary ong Examinations.

(3) Mga gastos sa school

Ang mga halagang gagastusin sa pag aaral sa Public Schools at Private Schools ay magkaiba. Ang Tuition Fee sa Public Schools ay walang bayad,subalit sa Watakushiritsu ay ibinabase sa kinikitang suweldo. May mga scholarship din na nakalaan para sa mg sambahayan na walang sapat na kakayahan sa pagbabayad. May nakalaang Shugaku Kin Seido para sa mga pamilyang hindi sapat ang kinikita para sa pag aaal.

Bukod sa May Tuition fee ay may Entrance fee,Text Book fee,Materials fee bukod pa dito ay may Shugaku Ryokou at Ensoku o School Excursion,Bunka Gyouji o Cultural Events na kailangan ang Tsumitate Kin o Reserve Fund .

＊Maaari po kayong makipag ugnayan sa Kokusai Soudan Corner para sa mga kaalaman tungkol sa Koukou Shingaku o pag pasok sa Sr High School. Makakahingi din kayo ng kopya ng ［Nihongo O Bogo To Shinai Kodomo To Hogousha no Shingaku Gaido ］ o High School Guidance na nakasalin sa ibat ibang wika.Humingi ng kopyang nakasalin sa inyong sariling wika.

《Para sa mga Katanungan》 Kokusai Soudan Corner TEL :048-922-2970
Bukas tuwing :Lunes, Miyerkules at Biyernes mula 9:00 AM ~ 5:00 PM

## ４．高校

国立（数が少ない）、県立、市立（数が少ない）、私立の高校があります。学校によって、普通科や、商業、工業、農業など色々な専門学科があり、また、総合学科など新しい学科も設けられています。

（1）入学試験

受験料が必要です。日本の中学校を卒業、あるいは海外で９年間の学校教育を終了していれば、高校の入学試験を受けることができます。公立の入学試験は、それぞれ決まった日に一斉に行われます。私立高校の受験は、受験方法、試験日、募集要項などそれぞれ違いますので、各自で問い合わせて調べる必要があります。

（2）外国人特別選抜

県内には、いくつかの公立高校で外国人生徒のための特別枠を設け、一般の受験とは審査内容が違う受験方法があります。

（3）学校の費用

公立、私立では金額が違います。授業料については公立は無償（所得制限あり）、私立の場合も収入により、高等学校等就学支援金の支給が受けられます。また経済的に不安のある場合には、奨学金制度もあります。

授業料の他に入学料、教科書代、教材費、修学旅行、遠足、文化行事のための積立金などの経費もかかります。

＊国際相談コーナーで高校進学についての相談もできます。
外国語で書かれた「日本語を母語としない子どもと保護者の高校進学ガイド」もあります。

《問い合わせ先》 国際相談コーナー 電話 048-922-2970
月・水・金 9：00 am～5:00 pm